Employment Standards

Ang Iyong Mga Karapatan sa Ilalim ng Batas ng mga Pamantayan ng Trabaho (Employment Standards Act, ESA), 2000

Pagtatatuwa: Ang mapagkukunan na ito ay inihanda upang tulungan ang mga empleyado at mga employer na maunawaan ang ilan sa mga pinakamababang karapatan at obligasyon na naipatupad sa ilalim ng Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho, (Employment Standards Act, ESA), 2000 at mga regulasyon. Hindi ito legal na payo. Hindi nito layunin na palitan ang ESA o mga regulasyon at dapat na laging sumangguni sa opisyal na bersyon ng batas. Bagama't pinagsisikapan naming siguruhin na ang impormasyon sa mapagkukunan na ito ay napapanahon at tama hangga't maaari, may mga pagkakamali na paminsan-minsan nangyayari. Ang ESA ay nagbibigay ng mga pinakamababang pamantayan lamang. Ang ibang mga empleyado ay maaaring may higit na karapatan sa ilalim ng isang kontrata ng trabaho, panlahat na kasunduan, karaniwang batas o iba pang mga batas. Ang mga employer at empleyado ay maaaring kumuha ng legal na payo kung kanilang nais.

Ang pilyegas ng impormasyon na ito ay nagbibigay ng buod ng iyong mga karapatan bilang isang dayuhang mamamayan sa Ontario sa ilalim ng Batas ng mga Pamantayan ng Trabaho (Eployment Standards Act, ESA), 2000. Ang ESA ay isang batas na nagtatakda ng pinakamababang pamantayan sa karamihan sa mga lugar ng trabaho sa Ontario gaya ng pinakamababang sweldo at mga limitasyon sa oras ng pagtatrabaho. May mga espesyal na patakaran at mga pagkalibre na sumasakop sa ilang mga empleyado. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa Ontario.ca/ESAguide.

Kailangan ka ring bigyan ng employer ng kopya ng Karatula ng mga Pamantayan ng Trabaho (Employment Standards Poster) sa loob ng 30 araw na ikaw ay maging empleyado. Maaari kang humiling ng bersyong naisalin sa wika at kung makukuha ito mula sa Ministeryo ng Gawa (Ministry of Labour), kailangan itong ibigay sa iyo ng iyong employer kasama ng Ingles na kopya. Ang karatula ay makikita sa Ontario.ca/ESAposter.

Ano ang aking mga karapatan sa pamantayan sa trabaho sa aking pinagtatrabahuhan?

Regular na bayad ng sweldo at mga pahayag ng sweldo

Kailangang kang mabayaran sa regular na araw ng sweldo at makatanggap ng pahayag ng sweldo.

Limitasyon sa oras ng trabaho at mga oras ng pagkain

Karaniwan na hindi ka kinakailangang magtrabaho ng mahigit sa 8 oras sa isang araw o ang iyong regular na araw-araw na schedule ng trabaho (kung mahigit sa 8 oras) at hindi lalampas ng 48 oras sa isang linggo Karamihan sa mga empleyado ay may karapatan sa hindi bababa sa 11 na magkakasunod na oras ng walang trabaho bawat araw at 24 na magkakasunod na oras ng walang trabaho bawat linggo o 48 na magkakasunod na oras ng walang trabaho sa bawat 2-linggong panahon. Maaari kang magtrabaho ng dagdag na oras kung ikaw ay sasang-ayon nang nakasulat at may ilang kondisyon na natugunan. Hindi ka maaaring magtrabaho ng mahigit sa 5 magkakasunod na oras nang walang 30-minutong panahon para kumain.

Bayad sa overtime

Para sa karamihang trabaho, ang overtime ay kailangang bayaran matapos ang 44 oras na trabaho sa isang linggo. Ang rate ng overtime ay dapat na hindi bababa sa 1½ na katumbas ng iyong regular na rate ng sahod. Maaari kang matuto ng higit pa tungkol sa overtime, pati na rin sa mga limitasyon ng oras ng trabaho at panahon ng pagkain sa Ontario.ca/hoursofwork.

Pinakamababang Sweldo

Karamihan sa mga empleyedo ay may karapatang mabayaran ng hindi bababa sa pinakamababang sweldo. Maaari mong makita ang pinabagong rate sa Ontario.ca/minimumwage.

May bayad na bakasyon

Karamihan sa mga empleyado ay may karapatan sa dalawang linggong bakasyon matapos ang 12 buwang panahon at mabayaran ng hindi bababa sa 4% ng kabuuang sweldo na kinita sa 12 buwang panahon na iyon bilang bayad sa bakasyon.

Mga pampublikong piyesta opisyal at bayad sa pampublikong piyesta opisyal

Mayroong siyam na pampublikong piyesta opisyal sa Ontario bawat taon. Karamihan sa mga empleyado ay may karapatan na hindi pumasok sa mga araw na ito at mabayaran ng bayad sa pampublikong piyesta opisyal. Upang malaman ang higit pa tungkol sa pampublikong piyesta opisyal, bumisita sa Ontario.ca/publicholidays.

Mga Pagliban

May ilang bilang ng walang bayad na mga pagliban na protektado ng trabahokabilang na ang pagliban dahil sa pagbubuntis, pang-magulang, pag-aalaga sa pamilya, at personal na emerhensiya. Lahat ng mga karapat-dapat na empleyado ay may karapatan sa walang bayad na mga pagliban na protektado ng trabahokahit pa ikaw ay full-time, part-time, permanente, o kontratistang empleyado.

Abiso ng pagkatanggal sa trabaho at/o bayad sa halip na abiso (kung nagtatrabaho ng hindi bababa sa tatlong buwan)

Kung ikaw ay nagtatrabaho ng hindi bababa sa tatlong buwan, ikaw ay pangkaraniwan na may karapatan na makatanggap ng abiso ng pagkatanggal kung tapusin ng employer ang inyong

relasyon sa trabaho. Maaari kang makatanggap ng abiso habang nagtatrabaho, abiso na bayaran sa halip na magtrabaho, o kombinasyon ng dalawa. Karaniwan, ang pinakamababang abiso na iyong dapat na makuha ay mula sa isang linggo (kung ikaw ay nakapagtrabaho ng hindi bababa sa tatlong buwan subali't wala pang isang taon) hanggang walong linggo (kung ikaw ay nagtatrabaho ng walong taon o higit pa). Para malaman kung ikaw ay maaaring may karapatan sa abiso sa pagkakatanggal sa trabaho o bayad, subukan ang Kagamitan para sa Pagkatanggal (Termination Tool) na makikita sa Ontario.ca/ESAtools.

Hindi ka maaaring maparusahan sa pagtatanong tungkol sa o paggamit ng iyong mga karapatang ESA

Kung nagtanong ka tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA o hilingin na maibigay ang iyong mga karapatan, hindi ka maaaring parusahan ng iyong employer sa anumang paraan, kasama na ang pagtapos sa inyong relasyon ng trabaho. May karapatan ka rin na hindi maparusahan ng iyong ahensiya o ng kliyente sa pagtatanong tungkol sa paggamit ng iyong mga karapatang ESA.

Kung ikaw ay isang dayuhang mamamayan na sakop sa ilalim ng Batas ng Proteksyon sa Trabaho para sa Mga Dayuhang Mamamayan (Employment Protection for Foreign Nationals Act), 2009

Ang isang dayuhang mamamayan na sakop sa ilalim ng Batas ng Proteksyon sa Trabaho para sa Mga Dayuhang Mamamayan (Employment Protection for Foreign Nationals Act, EPFNA), 2009 ay may karapatang makatanggap ng pilyegas ng impormasyon na ito tungkol sa kanilang karapatan sa ilalim ng EPFNA kasama ng dokumentong ito. Kung ang iyong pangunahing wika ay hindi Ingles, kailangan na alamin ng iyong employer o recruiter kung ang pilyegas ng impormasyon ay makukuha sa iyong pangunahing wika at, ang kung oo, ibigay din sa iyo ang bersyong naisalin sa wika. Para sa dagdag na impormasyon, mangyaring.

Kung mayroon kang tanong o nais mong magsampa ng habol

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa Ontario.ca/employmentstandards o tumawag sa Sentro ng Impormasyon sa mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Information Centre) sa (416) 326-7160 (libreng tawag sa 1-800-531-5551) o, para sa mga may kapansanan sa pandinig, sa TTY 1-866-567-8893. Ang impormasyon ay makukuha sa iba't ibang wika.

Kung naniniwala ka na hindi mo natanggap ang iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA at nais na magsampa ng habol, maaari mong maaakses ang Form ng Habol sa mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Claim Form) online sa Ontario.ca/ESAforms o sa piling Mga Sentro ng ServiceOntario. Upang makahanap ng Sentrong pinakamalapit sa iyo, mangyaring tumawag sa 1-800-267-8097. **Mangyaring tandaan na magkahiwalay na mga form ang ginagamit sa pagsampa ng habol sa ilalim ng ESA at ng EPFNA.**